

زاد الصائمين

(باللغة الفلبينية)

## Baon ng Nag-aayuno

INIPON AT INIHANDA NI

Fahad bin Yahya Al-Amari

Tagahatol sa Hukuman ng Apela sa Makka Mukarrah

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NI

Idres Tomambo Negroprado

AT INIWASTO NI

ABDUL HALIM GONZAGA

Sa Ngalan ng Allah Allah ang Mapagpala ang Mahabagin

## Pambungad

Ang Lahat ng papuri ay sa Allah lamang na nag-iisa. at pagpapala at kayapaan sa Kanyang kahuli-hulihang Propeta (s.a.w).

Katotohanan isa sa mga patnubay ng Allah sa Kanyang mga alipin pagkatapos ng mga Mensahero at Propeta ay ang mga Maalam, sila ang mga tagapagmana ng mga Propeta at Tagagabay at mga Bituin na nagniningning at kumikislap.

Alam ng Allah ang Kanyang mga tagapagtanggol na nag-aanyaya mga tao tungo sa Kanya, nalalaman rin nila na sila ang mga tagataguyod ng katotohanan.

Sila ang isa sa mga nagpapaligaya ng puso at nagpapagaan ng mga damdamin at nagpapalakas ng mga determinasyon at pag-asa sa mga kalooban kahit malakas ang mga kagamitan ng kasiraan at digmaan laban sa Islam, ngunit makikita mo pa rin ang sigla ng mga tao sa pagkapit sa Islam at pagpunta at pagtanggol dito. Ang pagiging wasto ng kanilang pagsamba at pag-aaral sa tradisyon ng kanilang Propeta (s.a.w) at anumang pagpapalapit sa kanilang Panginoon at pagkamit sa Kanyang Paraiso at kaluguran, Ito lahat ay dahil sa pagpunta ng mga tao sa mga Maalam na makadiyos at makatotohanan at matibay sa kanilang paniniwala. At pagkuha sa kanilang dalisay na kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsaliksik sa tama mula sa mga salita ng mga Dalubhasa, at anumang pinakamalapit na katibayan at Sunnah at pagtapos sa responsibilidad at pagtanggap ng kanilang mga gawain sa panahon na dumami ang salungatan at bawat isa ay umaangkin ng kaalaman kahit ang kaalaman ay hindi siya kilala o kaya ang mangmang o nagdududa o pilosopong nakikipagtalakayan upang itaboy ang relihiyon gamit ang pag-iisip o isang malaking mangmang na umaangkin ng kaalaman at karunungan na hindi naman niya alam ang kaalaman at reyalidad.

Maging mabuti ang mga tao habang kinukuha nila ang kaalaman sa mga malalaking Dalubhasa at Matitiwalaan dahil kung hindi sila ay

mapapahamak. Ang katotohanan ang nagpapaliwanag sa malinaw at ang Kasinungalingan ay nagpapaliwanag sa patong patong na mga kadiliman<sup>1</sup>.

### **O mga Katapid na Muslim:**

Katotohanan ang umiisip sa kalagayan ng karamihan ay makikita mong nagpapaligsahan at nangunguna sa kanila sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagkakataon at kaganapan sa mundong ito, Bagkus makikita mo sa siya sa kanyang mga katunggali na iniwanan sa kanyang likuran gamit ang lahat ng kanyang hawak na mga paraan at lakas sa pisikal at mental at kaalaman. Bagkus pinagbibintangan siya ng kabubuhan at kabaliwan.

Subalit tinuturuan niya ang mga tao kung paano ang landas tungo sa kaalaman at makikita mo siya na nagpapatayo ng mga pagsasalo para alamin kung paano kunin ang pagkakataon at itayo ang mga proyekto na nagbubunga sa mundong ito.

Ngunit seryoso ba tayo para magbubunga ang ating mga gawain at nakahanda sa proyekto para sa Kabilang-buhay. Tinatayo natin ang makabuluhang pag-aaral at kumpleto upang merong matutunan sa pinakamaayos na paraan? Puwede ba sisihin ng tatay ang kanyang mga anak o ang kaibingan sa pagiging pabaya sa pagkakataong ito? Meron bang uri ng pagpayo at pagdala at paglahad gamit ang mga cellphone at pagpupulong katulad sa pagtatayo ng mga proyekto sa mundo?

Makikita mo siya na nalulungkot sa pagkawala ng kanyang pera na Dirham, subalit hindi siya nalulungkot sa pagkawala ng kanyang relihiyon.

### **O mga Kapatid:**

---

<sup>1</sup> Karamihan sa mga tao ay hindi binubukod ang kaibahan ng Maalam at Nag-aaral ng Kaalaman at Nag-aanyaya at Tagapayo at Imam sa Masjid at Nagsasagawa ng Adhan at Nag-iisip at Nagbabasa at Nagbabasa ng Ruqya at Gumagawa ng Islamikong Proyekto at Nag-aaral sa Kolihyo ng Shariah at Tagapayo ng Lipunan at Islamikong Makata, Ginawa sila ng mga tao sa iisang posisyon sa Kaalaman at Fatwah at pagdadala ng Nasyon.

Katotohanan ang pinakadakilang proyekto ay sa oras ipinanganak ang tao mula noong kapanganakan hanggang siya ay lumabas sa mundong ito.

Ito ang dakilang proyekto na makasama niya ang Diyos, kaya ang mananampalataya ay laging dinadala ang hangaring ito at sa panghabang-buhay sa lahat ng pagkakataon at sandali at tuwing siya ay naglalakbay o hindi.

Nagpapalit ang pagitan ng pag-asa at takot sa bawat oras, at ang kanyang kamay ay nasa kanyang puso na nalulungkot at nag-alala kung tinamaan ng kalamidad o kakulangan, Nangangako sa sarili ng pagbabago at kaayusan at pinaparami ang pag-iisip sa paglalakbay at sa patutunguhan, at hindi alam kung ang kanyang katapusan sa kanyang proyekto ba ay kikita o malulugi?

Ang kanyang dila ay hindi napapagod sa panalangin umaga man o hapon para makamit ang patnubay at tagumpay para makasali sa mga magtatagumpay at magwawagi. Hindi siya natutulog sa ilang oras ng gabi maliban sa kakaunti dahil sa takot at pangamba sa katapusan ng buhay at proyekto, At minsan napipigilan ang kanyang pagkain at pag-inom sa ibang mga araw dahil sa dakilang hangaring magtatagumpay at magwagi.

Natatakot at nangangamba sa kahit anong klase ng pagkalugi!? Ganito ang sitwasyon ng mga matatalino at namumuhunan sa mundo at ganon rin sa sitwasyon ng mga Mananampalataya na magtatagumpay sa Kabilang-buhay.

Kung merong natira sa mundo sa isang tao ay ang kanyang relihiyon, Tunay wala siyang nakaligtaan at hindi siya kailanman nalugi.

### **Mga Namumuhunan:**

Nakalipas ang ilang araw ang isa sa mga proyektong Pangkabilang-buhay at Negosyong kumikita kasama ang Dakilang Allah ang Kataastaasan, natitikman niya ang tamis at paghihirap at pagdurusa sa

kaligayahan at katiwasayan kasama kay Allah ng bawat mananampalataya na merong tapat na hangarin at dalisay na kalooban.

Tunay ito ang buwan ng pag-aayuno at pagdarasal, Buwan ng mga kabutihan at pagsunod, Buwan pumapatak ang mga luha at nabubuhos sa mga kalooban, Buwan kung saan pinaparami ang mga gantimpala at pabuya, Buwan ng pagpapalaya ng mga tao sa Apoy at tagumpay sa mga lupain ng Paraiso, at ang pinakataas sa lahat ay ang kaluguran ng Allah. Buwan para dalisayin ang mga sarili at puntahan ang ikakalugod ng Allah ang Hari at Banal, Buwan ng Paglalakbay ng mga puso tungo sa Allah ang Maalam sa mga hindi nakikita, Buwan ng mga Habag at ang pabuya ay isang regalo, Buwan ng Paligsahan at pagmamadali at inisyatiba at paglago, Buwan ng pakipagbaka at pagtitiis, at buwan ng mga alipin at mabubuti at relihiyoso at natatakot. Kaya ano pa ang pinakamaganda at pinakadakila at pinakamataas kaysa rito!?

Panahon upang alamin ang sarili at kakayahan at karangalan ng kaluluwa at paglinis ng puso at pagdalisay at pagtaas ng antas at pagtanggap ng kasalanan at pagsubok upang marating ang kaluguran ng Allah at Pag-angat ng mga posisyon sa Paraiso at paglayo sa apoy.

Katotohanan ang taong nag-iisip ay namamangha ng lahat na pagkamangha mula sa mga matitigas ang puso, at pabaya at malalayo sa Allah sa dakilang buwan na ito kahit meron kang makitang nagpapaalala sa kanila at mga grupo ng mga natatakot sa Allah at nagpapakumbaba at saka pumupunta at hindi gumagalaw maliban na patungo sa kanilang Panginoon.

Kung sa mga araw na ito ay tinatayo ang mga pamamaraan na kinakailangan upang humarap at lumakad na hindi sa mapapalayo at mawala sa Allah, ay pumunta tayo tungo sa Allah at sa Kanyang Aklat at magsumikap at magsagawa ng mabuti para matakot sa Allah at magbalik-loob ng totoo at husgahan ang ating mga sarili at layuan ang

mga kalasanan at kamalian upang magtagumpay tayo at maging malaya sa Imperno.

Para masundan ang pamamaraan ng mga makadiyos at tagasunod ng dakilang Propeta: Ang pagtutulungan sa kabutihan at pagkatakot at karapatan ng kapatiran at pagmamahal at maging parte sa pagbahagi ng kabutihan at kaalaman, kaya aking sinulat ang aklat na ito hinggil sa mga batas ng pag-aayuno.

Pinamagatan ko (Baon ng Nag-aayuno) ang aklat na ito, na naglalaman ng isang-daan at animnapu't anim na mga isyu subalit aking pinaiksi at madaling dalhin at unawain. At aking pinagsikapan rito na makita ng nag-aayuno ang kanyang hinahangad at inaasam at inipon ko ito mula sa mga Hadith at mga paliwanag at mga salita ng mga Kasamahan ng Propeta (s.a.w) at mga Tagasunod nila at ang Apat na Imam: Abu Hanifah at Malik at Shafi'e at Ahmad at kanilang mga tagasunod at iba pang mga Imam ng Islam at mga Liwanag ng Patnubay -Kaawaan nawa sila ng Allah-.<sup>1</sup>

At biyayaan sila dahil sa Islam at sa mga Muslim, At pinili ko ang pinakamalapit na katibayan at paliwanag mula sa mga tagasuri sa kapahintulutan ng Allah.

فَإِنْ تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِنْ كُنْتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ ذَلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا

At kung nagkagulo kayo sa isang bagay ay bumalik kayo sa Allah at Mensahero, kung kayo ay naniniwala sa Allah at sa Huling Araw. Ito ang mainam at mahusay na pangangahulugan. 4:59

---

<sup>1</sup> Aking kapatid na Mambabasa: Dadaan sa iyo sa aklat ang salitang (Karamihan ng mga Dalubhasa), hindi maitago sa ito ang mga Madhab sa Fiqh ay Apat: Abu Hanifah at Malik at Shafi'e at Ahmad, At hindi maitago sa iyo ang salungatan sa pagitan nila at pagitan ng kanilang mga tagasunod sa sanga ng Fiqh, Kapag magkasundo ang dalawa o tatlo mula sa kanila sa iisang isyu, Ito ang ibig sabihin ng Karamihan ng mga Dalubhasa. Mga salita ng mga Dalubhasa ay kailangan nating lawakan sa ating mga damdamin sa salungatan at magkaroon ng magandang pag-uugali sa Salungatan, at huwag sana ang mga tagasunod ng mga Dalubhasa ay magkaroon ng pagsunod lamang sa kanila na nagbubunga ng pagkapoot at pagkahiwalay sa pagitan ng mga Muslim. At ang mga Imam ay hindi nagsasalita ng mga salita para sumunod lamang sa kanila ang mga tao at iiwanan ang mga katibayan. Katotohanan sila ay nagsabi: (Kung naging tama ang Hadith ay kunin mo ito at iwanan ang aking sinabi).

At sinumang gustong magdagdag ay tumingin sa mga aklat ng mga Dalubhasa.

Humihiling ako sa Allah na sana ito ay maging mainam na baon sa Araw ng Pagkabalik, at ilayo tayo sa mga kasalanan at kamalian sa salita at gawa, at sana ito ay maging paki-pakinabang at maayos at katanggap-tanggap sa Allah. Ito ay isang mabuti at pananagutan at pag-asa sa iba.

Humihiling ako sa Allah na ito ay makasali sa mabuting gawa sa buhay sa mundo at pagkatapos ng kamatayan para sa akin at sa aking mga magulang at pamilya sa Araw kung saan ipapakita ang mga kabutihan.

**O mga nag-aayuno sa lahat ng lugar:** Binabati ko kayo ng pinakamagandang pagbati na nagmula sa aking lugar na Makkah na isang sagradong lugar ng Islam at Qur'an at kapanganakan ng Mensahero ngAllah (s.a.w) at ang pagbati bilang mga susi ng mga Puso at aking regalo sa inyo upang maging daanan sa mga puso. Biyaya na nagpapatuloy na kaalaman at pag-alaala at aklat. Biyaya sa mga tagasunod at biyaya tungo sa patutuguhan.

At ang pinakamagandang regalo ng isang Muslim sa kanyang kapatid ay ang pinakamabuting salita na may karunungan at nawa dagdagan ng Allah ito ng patnubay at makapag-alis ng kamangmangan.

## **Una: Mga Isyung patungkol sa mga Kondisyon ng Pag-aayuno at mga tungkulin nito at mga Batas ng Pagsira ng Pag-aayuno.**

### **Ang Pag-aayuno ay Obligasyon**

**1.** Ang Pag-aayuno ay obligasyon ng bawat Muslim na umabot sa tamang edad at pag-iisip at malusog at hindi naglalakbay at walang anumang hadlang tulad ng pagrereгла at pagdurugo dahil sa panganganak.

### **Ang Pagtakwil sa Pag-aayuno**

**2.** Ang sinumang umiwan nito dahil kanyang tinanggihan ito sa pagiging obligasyon ay isang Pagtakwil (Kuf'r), sapagkat tinaggihan niya ang isa sa mga haligi ng Islam, at sinumang umiwan nito dahil sa katamaran at kapabayaang, siya ay nakagawa ng malaking kasalanan at tungo sa matinding panganib.

### **Tamang edad at pagpasok sa Islam**

**3.** Kapag pumasok sa Islam ang isang tao o kaya umabot ang bata sa tamang edad sa buwan ng Ramadan ay kailangang mag-ayuno sa natitirang oras at hindi niya kailangang bayaran ang nakaraan.

### **Kondisyon sa Kabataan**

**4.** Kapag pumasok sa Islam ang tao o kaya umabot ang bata sa tamang edad sa oras ng Ramadan sa umaga ay kailangang mag-ayuno subalit hindi siya magbayad. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil ang kondisyon ng isang Obligasyon ay dumating, at ito ang pagpasok ng tao sa Islam at pagtupad ng kondisyon ng batas sa mga kabataan.

### **Bawal mag-ayuno bago ang Ramadan**

**5.** Ipinagbawal ang pag-aayuno ng isang araw bago ang Ramadan maliban kung kanyang naugaliang mag-ayuno ng mga Sunnah tulad ng Araw ng Lunes at Huwebes o kaya kabayaran.



عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « لَا يَتَقَدَّمَنَّ أَحَدُكُمْ رَمَضَانَ بِصَوْمِ يَوْمٍ أَوْ يَوْمَيْنِ ، إِلَّا أَنْ يَكُونَ رَجُلًا كَانَ يَصُومُ صَوْمَهُ فَلْيَصُمْ ذَلِكَ الْيَوْمَ » رواه البخاري

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Huwag ninyong unahan ang Ramadan ng pag-aayuno ng isang araw o dalawa maliban sa taong nasanayan niya mag-ayuno, Mag-ayuno siya sa araw na iyon." Isinalaysay ni Bukhari

### **Pagtanaw sa bagong buwan**

6. Ang lahat na tao ay dapat sumunod kung makita ang bagong buwan at paglaho nito sa kanilang lugar, at kung hindi nila ito nakita ay sumunod sila sa pinakamalapit na lugar ng mga Muslim sa pagtanaw nito. At kinakailangan sa mga Muslim sa isang lugar na magkasundo at hindi magsalungat sa ganitong isyu sapagkat ang pagkakasundo sa pag-aayuno at pagdiriwang ng Eid ng Fitr sa isang araw ay pagtupad sa matinding layunin ng Islam. At ang malayong opinyon sa layuning ipagsama ang mga tao at pagmamahal ng bawat isa ay higit na mainam kaysa malapit na opinyon ngunit magdudulot naman ng hiwalayan at salungatan sa isyung ito.

### **Paghangad ng Pag-aayuno**

7. Kailangan magsimula ang hangarin ng pag-aayuno sa oras ng gabi.

عَنْ حَفْصَةَ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « مَنْ لَمْ يُبَيِّتِ الصِّيَامَ قَبْلَ الْفَجْرِ فَلَا صِيَامَ لَهُ ». رواه النسائي

Inulat ni Hafsa na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Ang sinumang hindi naghangad ng pag-aayuno bago ang Fajr ay walang pag-aayuno sa kanya." Isinalaysay ni Nisa'i at itinama ni Albani

At sapat na ang isang hangarin mula sa unang buwan ng Pag-aayuno ayon sa tamang opinyon ng mga Dalubhasa maliban kung may taong sumira ng kanyang pag-aayuno dahil meron siyang kadahilan, katulad ng may karamdaman at lumalakbay. Katotohanan kailangan niyang tukuyin ang kanyang hangarin sa oras siya ay mag-aayuno, Ito ang

opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa. At ang iba naman nagsabi: Kailangan hangarin ito sa bawat araw. At ang malapit ay ang Una sapagkat ang bawat isa ay humahangad ng mag-aayuno ng buong buwan sa Ramadan mula pa sa simula. Ang paghangad ng pag-aayuno sa buong Ramadan ay puwede.

### Lugar ng Hangarin

**8.** Ang lugar ng hangarin ay nasa puso at hindi binibigkas ang hangarin, sapagkat walang binanggit sa mga tradisyon ng Propeta (s.a.w) at sa mga gawain ng kanyang mga kasamahan "Kalugdan nawa sila ng Allah".

### Wastong hangarin sa mga Boluntaryong Pag-aayuno

**9.** Ang wastong hangarin sa mga Boluntaryong pag-aayuno ay sa kahit anong oras sa gabi o umaga. At ito ang opinyon ng mga Dalubhasa, at may Hadith.

عَنْ عَائِشَةَ أُمِّ الْمُؤْمِنِينَ قَالَتْ دَخَلَ عَلَيَّ النَّبِيُّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- ذَاتَ يَوْمٍ فَقَالَ « هَلْ عِنْدَكُمْ شَيْءٌ ». فَقُلْنَا لَا. قَالَ « فَأَيُّ إِذَا صَائِمٌ ». ثُمَّ أَنَا يَوْمًا آخَرَ فَقُلْنَا يَا رَسُولَ اللَّهِ أَهْدَى لَنَا حَيْسٌ. فَقَالَ « أَرَيْنِيهِ فَلَقَدْ أَصْبَحْتُ صَائِمًا ». فَأَكَلَ. رواه مسلم

Sinabi ni Aisha ang ina ng mga Mananampalataya: "Pumasok sa akin ang Propeta (s.a.w) ng isang araw at nagsabi: Meron ba kayong makakain, sinabi ko: Wala po. Sabi: Mag-aayuno na lamang ako. Pagkatapos dumating sa amin ng ibang araw at aming sinabi: Merong nagregalo sa atin ng isang Has (tinapay na may palamang margarina at datiles), Kanyang sinabi: Dalhin mo sa akin sapagkat ako ay nag-aayuno at saka siya'y kumain." Isinalaysay ni Muslim

### Gantimpala sa Humangad

**10.** Gantimpalaan ang sinumang humangad ng boluntaryong pag-aayuno sa oras na iyon. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil ang mga gawain ay naaayon sa mga hangarin.

## **Pagkain ng Sahur**

**11.** Ang pagkain sa umaga (Sahur) at pagkain sa gabi (Iftar) ay katibayan sa paghahangad ng Pag-aayuno. Sapagkat ang tao kapag kumain ng Sahur ay mag-aayuno at ang buong gabi ay oras para sa paghahangad ng Pag-aayuno.

## **Sitwasyon ng Nahimatay**

**12.** Ang nahimatay ay may dalawang sitwasyon:

**a.** Ang sinumang nahimatay sa oras ng umaga, ang kanyang pag-aayuno ay tama. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat kanyang naabutan ang pagsamba sa oras.

**b.** Ang sinumang nahimatay sa gabi bago ang Fajr hanggang lumubog ang araw, ang kanyang pag-aayuno ay hindi natupad kahit siya ay humangad ng pag-aayuno o hindi. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil nawala ang kanyang pag-iisip sa oras ng Pag-aayuno. Kaya ang isyung ito ay para sa mga naaksidente o kaya may operasyon sa hospital at iba pa.

## **Nawalan ng Malay**

**13.** Ang sinumang nawalan ng malay sa buong buwan ng Ramadan at pagkatapos nakagising ay kailangan niyang mag-ayuno bilang kabayaran, Ito ang opinyon ng Apat na Imam sapagkat ang sakit ay gumagaling kaya kailangang bayaran ng pag-aayuno.

## **Matanda at May sakit**

**14.** Ang matanda at may karamdaman na hindi kayang mag-ayuno at magbayad ng pag-aayuno ay kailangan magpakain sa bawat araw ng isang dukha ng pagkaing makakabusog -lutong pagkain o hindi-. At walang hangganan ayon sa malapit na mga salita ng mga Dalubhasa, At kung hindi nabanggit ang hangganan nito sa teksto ng Qur'an at Hadith ay babalik sa nasanayan ng mga tao. Sabi ng ibang Tagapagpaliwanag ng Qur'an: "Kailangan magpalabas ng pagkain at hindi pera", ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa ayon sa nakasaad sa Batas ng Shariah. Kaya ang pagsagawa nito ay isang

pagdakila sa Allah at walang sinumang nagsalungat sa mga Samahan ng Propeta (s.a.w) hinggil rito tulad ni Umar at Ali at Ibnu Umar at Ibnu Abbas -Kalugdan nawa sila ng Allah- .

### **Fidyah**

**15.** Binibigay ang Fidyah (Pantubos sa nagawang kakulangan sa Ramadan) ay para sa mga Mahihirap at Dukha at maliban sa kanila mula sa karapat-dapat bigyan ng Zakah ay hindi kasali dahil ito lamang ang nabanggit sa Qur'an. At ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Paglalakbay na walang kakayahan**

**16.** Kapag lumakbay ang isang walang kakayahang mag-ayuno ay hindi nawawala sa kanya ang kabayaran ng Fidyah ayon sa malapit na salita ng mga Dalubhasa dahil sa kawalan ng katibayan.

### **Pagpapakain bago ang Oras**

**17.** Hindi tama ang pagpapakain bago ang buwan ng Ramadan, ito ay pinagkasunduan ng mga Dalubhasa. At hindi wasto ang pagpapalabas nito sa unang buwan ng Ramadan, at hindi wasto unahan ito ng isang araw sapagkat nagbigay siya ng pantubos bago pa ito nangyari, at puwede ito'y ipahuli.

**Isyu:** Kung siya ay magpakain sa bawat araw o bawat ikasampung-araw o sa panghuling buwan o iba pang araw, ito ay puwede.

### **Hindi mawawala ang Pananagutan**

**18.** Ang sinuman walang kayang magpakain ay hindi mawawala sa kanya ang Kabayaran at pananagutan niya ito hanggang dumating sa kanya ang kakayahan, at kapag siya ay namatay at wala siyang kakayahan, wala siyang pananagutan. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Kawanggawa sa walang kakayahan**

**19.** Tama ang pagbigay ng kawanggawa para sa taong walang kakayahan na pagpapakain sa kanyang pahintulot. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Kabayaran sa may kakayahan**

**20.** Kapag meron kakayahan ang tao na mag-ayuno ngunit siya ay nakapagbigay na ng kabayaran sa Fidyah, kailangan pa ba niyang mag-ayuno at magbayad ng pag-aayuno? Ito ay may dalawang sitwasyon:

**a.** Kapag kanyang nakayanan ang pag-aayuno sa araw na iyon na nagpalabas siya ng Fidyah, hindi niya kailangang mag-ayuno at magbayad. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, sapagkat sa oras na siya ay inutusang magbigay ng Fidyah, kanyang tinupad.

**b.** Kapag nagbigay siya ng Fidyah bago ang oras nito, at pagkatapos meron na siyang kakayahang mag-ayuno, kailangan niyang mag-ayuno sapagkat ang utos sa kabayaran ay magbigay ng pagkain sa bawat araw ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa tulad sa nabanggit.

### **Pagpapahuli sa Pagpapakain**

**21.** Kapag nahuli ang pagpapakain at saka nagkaroon siya ng kakayahan, kailangan niyang mag-ayuno sapagkat meron na siyang kakayahan sa pag-aayuno bago inutos ito na magpakain.

### **Kapag dumating ang Kakayahan**

**22.** Kapag may kakayahan siyang mag-ayuno sa panahon ng Ramadan, kailangan niyang mag-ayuno sa natirang mga araw mula sa kanyang kalakasan dahil sa kawalan ng dahilan.

### **Matanda na nawalang ang Pag-iisip**

**23.** Ang matanda na nawala ang kanyang tamang pag-iisip at hindi nakakaunawa ng mga bagay-bagay sa kanyang kapaligiran o kaya nawala lagi ang kanyang tamang pag-iisip, siya ay hindi kailangang mag-ayuno o magpakain dahil ang utos ay para lamang sa mga may tamang pag-iisip.

## **Sakit na puwedeng sirain ang Ayuno**

**24.** Anong sakit na puwedeng sirain ang ayuno ng taong kailangang mag-ayuno?

Sakit na nagpapahirap sa kanyang pag-aayuno o kaya sakit na lumalala kung siya ay mag-ayuno o tumatagal ang paggaling kung siya ay mag-ayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil ang ipinapahintulutan na kumain sa Ramadan ay naghihirap o nagkakaproblema sa pag-aayuno.

## **Mga uri ng Karamdaman**

**25.** Mga uri ng Karamdaman:

- a.** Sakit na merong lunas kaya puwede siyang kumain subalit bayaran ito ng pag-aayuno.
- b.** Sakit na walang lunas kaya puwede siyang kumain subalit magpapakain siya ng dukha tulad sa nabanggit kanina.
- c.** Ang sinumang walang alam sa kanyang sitwasyon ay dapat kumain at maghintay hanggang siya'y gumaling at pagkatapos kanyang bayaran ng pag-aayuno. At kapag siya ay naabutan ng kamatayan, ang hatol ay ayon sa batas ng Kabayaran ng pag-aayuno, mamaya sa kapahintulotan ng Allah.

## **Uri ng mga Paghihirap**

**26.** Ang mga Uri ng mga Paghihirap:

- a.** Paghihirap na kanyang nasanayan na kaya niyang dalhin tulad ng pananakit at sakit ng ulo at ngipin at iba pa ay hindi pinapayagang kumain sa Ramadan.
- b.** Paghihirap na hindi kayang dalhin at hindi normal ay pinapayagang kumain sa Ramadan.

## **Taong may sakit sa pag-iisip**

**27.** Taong may sakit sa pag-iisip ay merong mga sitwasyon:

- a.** Kung siya ay gumagamit ng gamot sa pang araw-araw at hindi niya kayang mag-ayuno, ang hatol ay katulad sa taong walang lunas ang karamdaman.

- b.** Kung dumarating ang kanyang sakit sa pag-iisip minsan at sa ibang oras ay kailangan mag-ayuno siya. At kapag kailangan niyang uminom ng gamot ay kanyang sirain ang pag-aayuno at saka bayaran.
- c.** Kapag siya ay nawalan ng malay, ang hatol sa kanya ay katulad sa nawalan ng malay tulad sa nabanggit.
- d.** Kapag siya ay uminom ng gamot at saka natulog ng buong umaga, ang kanyang pag-aayuno ay tama.
- e.** Kung ang may sakit sa pag-iisip ay katulad sa mga baliw o kaya merong sakit na (Down Syndrome o Autism at iba pa) ay depende sa sitwasyon:
  - I.** Kung nawala ang kanyang pag-iisip at hindi nakakaunawa ng mga bagay-bagay at saka wala ng lunas ang kanyang sakit. Hindi siya kailangang magbayad ng pag-aayuno at hindi siya magpapakain sapagkat hindi siya kasali sa pag-aayuno.
  - II.** Kung siya ay meron pag-iisip at unawa sa mga bagay bagay, kailangang siyang mag-ayuno at kung hindi niya kayang mag-ayuno ay magpakain ng dukha tulad sa nabanggit.
  - III.** Kung nawalang ang kanyang pag-iisip at pagkatapos gumaling sa panahon ng Ramadan, hindi siya kailangang mag-ayuno sa nakalipas na araw subalit mag-ayuno siya sa natirang oras. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil bumalik ang kanyang pag-iisip at pag-unawa.
  - IV.** Kung nawalan ang kanyang pag-iisip tuwing Ramadan, hindi niya kailangang magbayad ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil hindi siya kasali sa mga inutusang mag-ayuno.
  - V.** Kung nawalan ng pag-iisip araw-araw ay hindi kailangang magbayad ng pag-aayuno at hindi tama sa kanya ang pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil hindi siya kasali sa inutusan at hindi siya magbayad ng ayuno tulad sa nabanggit.
  - VI.** Kapag siya ay gumaling ng ilang oras ay kailangan niyang mag-ayuno at hindi kailangang bumayad. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil siya ay naging kasali sa mga inutusan.

## Buntis at Nagpapasuso

**28.** Ang buntis at nagpapasuso ay merong tatlong sitwasyon:

- a.** Kung nahahirapan silang dalawa sa pag-aayuno ay kailangan nilang magbayad ng pag-aayuno na walang pagpapakain. Ito ang opinyon ng Apat na Imam.
- b.** Kapag silang dalawa ay natatakot sa kanilang anak, Ang pinakamalapit na sagot ng mga Dalubhasa ay kailangang magbayad ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng ibang mga sumunod sa mga Kasamahan ng Propeta (s.a.w) tulad ni A'ta at Nakh'i at Zuhri at iba pang mga Maalam. Tulad sa

**فَمَنْ كَانَ مِنْكُمْ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ٢:١٨٥**

Sabi ng Allah: (At sinumang sa inyo ang nagkasakit o kaya nasa paglalakbay, ipaliban ito sa ibang mga araw). 2:185

Ang nabanggit sa pagiging obligasyon ng pagpapakain na hindi magbayad ng pag-aayuno ay si Ibnu Abbas at Ibnu Umar Kalugdan nawa sila ng Allah.<sup>1</sup> Ito ay aking masasagot:

Ito ay ikakalugod o kaya pagsisikap sa mga teksto o kaya ang pagpapakain na kasama ang kabayaran ayuno, sapagkat ang pag-alis ng kabayaran ay dapat may matibay na katibayan at malinawag, at ang orihinal ng batas rito ay ang kabayaran at hindi ito maaalis ang gamit ang mahinang katibayan lalo na sa pag-aayuno dahil ito ay isa sa mga haligi ng Islam. At kung may nagsabi ang pagpapakain ay ang kinakailangan, sana sumikat ito sa pagitan ng mga kasamahan ng Propeta (s.a.w). At saka pinaabot sa atin ng malinaw upang hindi tayo magkaproblema at magduda at ang isyung ito ay para sa pangkalahatan. Kung siya ay nagpakain at nagbayad, Ito ay mas mainam upang makalabas sa salungatan ng mga Dalubhasa. At ito ang sinabi ni Ibnu Umar at ibang mga Tabi'in tulad ni Mujahid at Hasan at Nakh'i.<sup>2</sup>

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Daruqutni 2388, 2382

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Abdul Razzaq sa kanyang Aklat 7558 at sa Tafsir Ibnu Abi Hatim 1/308



**c.** Kung silang dalawa ay natatakot sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga anak, ang hatol ay katulad sa pangakalawa, at ito ang pinakamalapit.

**Isyu:** Mga batas sa Pagpapakain ay pantubos o (Fidyah) sa walang kakayahang mag-ayuno.

**Isyu:** Hindi dumadami ang Fidyah ayon sa bilang ng mga sanggol at bata ayon sa malapit na opinyon sapagkat ang pagpapakain ay kapalit ng pag-aayuno.

**Isyu:** Kailangang magpakain ang tatay at hindi ang nanay ayon sa malapit na opinyon sapagkat obligasyon ng lalaki ang sustento ng pamilya.

### **Pag-aayuno dahil sa Kapakanan ng Sanggol**

**29.** Ang batas para sa buntis at sa nagpapasuso kung sinira nila ang pag-aayuno para sa kapakanan ng kanilang sanggol. Ang lahat na sumira ng pag-aayuno para sa kapakanan ng iba ay katulad din ng pagsira ng ayuno para ligtasin ang nalulunod o ang may sakit at iba pa. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Pagsira ng pag-aayuno para sa kapakanan ng iba**

**30.** Ang sinumang sumira ng pag-aayuno para sa kapakanan ng iba ay hindi kailangang pagtimpi sa naiwang oras ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa sapagkat walang pakinabang at mahina ang katibayan sa pagtimpi.

### **Ang Regla**

**31.** Ang babae kapag ang kanyang regla ay natapos sa umaga ay hindi kailangang magtimpi sa pagkain sa natirang oras ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa. Katulad sa nabanggit sa kanina.

### **Natapos ang Regla bago ang Fajr**

**32.** Kapag natapos ang kanyang regla bago ang Fajr at saka naligo pagkatapos ng Fajr, ang kanyang pag-aayuno ay wasto. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Hindi Normal na Regla**

**33.** Ang sinumang may alam sa kanyang regla ay hindi normal ang paglabas nito, kinakailangan niyang huwag hangarin na sirain ang kanyang pag-aayuno at huwag sirain ang layunin nito, at kung meron siyang nakitang regla ay dapat na niyang sirain ito kaagad at saka bayaran ng ayuno. At hindi wasto ang pag-aayuno kung ang kanyang hangarin ay sa pagitan ng pag-aayuno at pagsira nito.

### **Paglabas ng Dugo**

**34.** Ang paglabas ng dugo na hindi naman regla ay hindi nagbabawal sa pagdarasal at pag-aayuno. Ito ang pinagkasunduan ng mga Dalubhasa na merong mga matibay na katibayan.

### **Kayumanggi at Dilaw na Dugo mula sa Babae**

**35.** Kayumanggi at dilaw na lumalabas sa ari ng babae ay merong mga sitwasyon:

- a.** Bago dumating ang regla ay huwag niyang sirain ang pag-aayuno.
- b.** Sa oras ng regla ay katulad sa hatol ng regla.
- c.** Huling oras ng regla at bago matapos ang regla, ang hatol ay katulad ng regla.
- d.** Kung natapos ang regla at saka ito lumabas ay hindi niya dapat sirain ang pag-aayuno.

**عَنْ أُمِّ عَطِيَّةَ قَالَتْ كُنَّا لَا نَعُدُّ الْكُدْرَةَ وَالصُّفْرَةَ شَيْئًا**

Sabi ni Ummu A'tiyyah: "Dati hindi namin tinuturing ang Kudra (kayumanggi) at Sufra (Dilaw) na mula sa regla." Isinalaysay ni Bukhari

### **Pag-aayuno ng mga Sumisisid**

**36.** Ang pag-aayuno ng mga sumisisid sa tubig o sumasali sa mga palaro sa paglangoy ay merong dalawang sitwasyon:

**a.** Kung higit sa kanyang tingin na hindi makakapasok ang tubig sa kanyang lalamunan mula sa bunganga o ilong, at siya'y mahusay lumangoy at saka iniingatan niya ang kanyang pag-aayuno. Ito ay pinapahintulutan dahil ang hatol rito ay katulad ng pagligo sa malamig na tubig. At ito ang opinyon ng apat na Imam.

**b.** Kung sa kanyang tingin na ang tubig ay makapasok sa kanyang lalamunan dahil sa paglangoy at pagsisid, dito ay ipinagbabawal para sa kanya ang paglangoy at pagsisid sa buwan ng Ramadan, sapagkat sinasadya niyang sirain ang ayuno at dinadala ang kanyang pag-aayuno sa panganib.

### **Umabot ang tubig na hindi sinadya**

**37.** Kung siya ay pumasok sa paliguan at umabot ang tubig na hindi sinadya, ang kanyang pag-aayuno ay wasto ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa.

### **Pangalawa: Mga Isyu na may kaugnayan sa oras ng pagtimi at pagsira.**

**Babala:** Karamihan sa mga tao kapag tumayo sa higaan bago ang Fajr, kumain siya kaagad at uminom bago inalam ang pagsikat ang araw.

### **Pagtiwala sa mga Panibagong Kagamitan**

**38.** Pagtiwala sa mga panibagong kagamitan sa pagtukoy ng oras sa pagtimi at pagsira ay merong dalawang sitwasyon:

**a.** Kung ang paraan ng komunikasyon ay wasto tulad ng cellphone at telebisyon at radyo sa pangkasalukuyan at eksakto ang oras, Ito ay puwedeng gamitin bilang paghambing sa pagtiwala sa pagdinig ng Adhan mula sa taong maasahan.

**b.** Kung ang paraan ng komunikasyon ay hindi eksakto tulad ng cellphone at telebisyon at radyo na hindi pangkasalukuyan. Ito ay hindi puwedeng pagtiwalaan tulad sa pagsira at pagtimi sa ayuno sa pamamagitan ng pagtiwala sa hindi maasahang tao na nagsasagawa ng Adhan.

### **Adhan**

**39.** Hindi puwedeng uminom ng tubig o kumain habang ang tao ay nagsasagawa ng Adhan, Kailangan niyang tumigil habang may nagtatawag ng Adhan. Ayon sa Hadith...

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « إِذَا سَمِعَ أَحَدُكُمْ النِّدَاءَ وَالْإِنَاءَ عَلَى يَدِهِ فَلَا يَضَعُهُ حَتَّى يَقْضِيَ حَاجَتَهُ مِنْهُ ». رواه أبو داود

Inulat ni Abu Huraira na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Kung narinig ng isa sa inyo ang panawagan (ng Adhan) at ang baso ay nasa kanyang kamay, huwag niya itong ilagay hanggang makatapos siya rito." Isinalaysay ni Abu Dawud

### **Ang sagot sa sumusunod:**

- a.** Ito ay hindi wastong hadith mula sa Propeta bilang Marfu.
- b.** At kung wasto ang Hadith, baka ito ay para sa naunang panahon, o kaya sa biglaang adhan na hindi alam ang oras, o kaya meron siyang pagdududa. Ngunit sa nakakaalam ng oras at nakarinig ng Adhan at saka siya ay uminom, hindi siya kasali sa Hadith. Ang katibayan kapag dumami ang mga hinala ay nawawala ito ng saysay dahil sa pagdududa sa pagiging tama ng Hadith at kahulungan nito. Kaya hindi puwedeng unahin ang mga ito sa mga malilinaw na katibayan sa pagiging tama at sa kahulungan. At hindi inuuna ang pagdududa kaysa sigurado katulad sa sinabi ng Propeta (s.a.w).

عَنْ عَائِشَةَ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - أَنَّهُ قَالَ « إِنَّ بِلَالَ يُؤَدِّنُ بِلَيْلٍ ، فَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يُؤَدِّنَ ابْنُ أُمِّ مَكْنُومٍ » متفق عليه

Inulat ni Aisha (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Katotohanan si Bilal ay nagsasagawa ng Adhan, kaya kumain kayo at uminom hanggang magsasagawa ng Adhan si Ibnu Ummi Maktum." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

### Pag-akala sa natirang Oras

**40.** Ang sinumang kumain o uminom na kanyang inaakala na meron pang natitirang oras sa gabi subalit lumitaw na ang buwang liwayway. Ano ang hatol ng kanyang pag-aayuno?

Ang lugar ng kanilang pagkasalungat sa pagitan ng mga Dalubhasa Kaawaan nawa ni Allah.

**a.** Kailangang magtimpi at bayaran ang pag-aayuno. Ito ang sinabi ni Abu saeed Al-Khudri at Ibnu Mas'ud Kalugdan nawa sila ni Allah at opinyon ng Apat na Imam.

**b.** Wasto ang kanyang pag-aayuno at hindi niya kailangang mag-aayuno ulit. Ito ang sinabi ni Mujahid at Hasan.

Subalit ang mas malapit ay ang una lalo na sa panahon natin sa ngayon na naging madaling alamin ang oras, at naging malinaw na ang ibang tao ay pabaya kung hindi niya alam ang oras, ngunit ang sinumang hindi nagpabaya, ang kanyang pag-aayuno ay wasto.

عَنْ سَهْلِ بْنِ سَعْدٍ قَالَ وَأُنزِلَتْ ( وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَكُمْ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ ) وَلَمْ يُنَزَّلْ ( مِنَ الْفَجْرِ ) وَكَانَ رِجَالٌ إِذَا أَرَادُوا الصَّوْمَ رَبَطَ أَحَدُهُمْ فِي رِجْلَيْهِ الْخَيْطَ الْأَبْيَضَ وَالْخَيْطَ الْأَسْوَدَ ، وَلَا يَزَالُ يَأْكُلُ حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَهُ رُؤْيَاهُمَا ، فَأَنْزَلَ اللَّهُ بَعْدَهُ ( مِنَ الْفَجْرِ ) فَعَلِمُوا أَنَّهَا يَعْنِي اللَّيْلَ مِنَ النَّهَارِ. متفق عليه

Inulat ni Sah'l bin Saad ay nagsabi: "Sa oras ipinababa (at Kumain kayo at uminom hanggang maging malinaw sa inyo ang puting sinulid

kaysa itim na sinulid) at hindi pa ipinababa ang (sa buwang liwayway), kaya ang mga tao dati kung gustong mag-aayuno ay tinatalian ng isa sa kanila ang kanyang paa ng puting sinulid at itim at kumakain siya hanggang maging malinaw ang kanyang pagtanaw sa mga rito, Kaya ipinababa ng Allah pagkatapos nito ang (sa buwang liwayway). Nalaman nila ang ibig sabihin pala nito ay ang gabi kaysa umaga." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

Hindi sila pinabayad ng pag-aayuno dahil sa kanilang kamangmangan.

### **Pagkain na may pagdududa sa paglubog ng Araw**

**41.** Ang sinumang kumain na siya ay nagdududa sa paglubog ng araw at hindi naging malinaw sa kanya ang sitwasyon. Kailangan niyang bayaran ang pag-aayuno, at walang salungatan sa pagitan ng mga Dalubhasa sapagkat hindi puwedeng sirain ang pag-aayuno sa pag-aalinlangan.

### **Naging malinaw ang Pagdududa**

**42.** Ang sinumang kumain na siya ay nagdududa sa paglubog ng araw at naging malinaw ang sitwasyon sa kanya na siya ay kumain pagkatapos ng paglubog ng araw, hindi niya kailangang bayaran ang pag-aayuno. Walang salungatan rito.

### **Pag-akala na tapos na paglubog ng Araw**

**43.** Ang sinumang kumakain na inaakala ang araw ay tapos na lumubog subalit naging malinaw sa kanya na hindi pa ito lumubog. Kailangan ba niyang magbayad?

Ang lugar na nagsasalungat ang mga Dalubhasa Kaawaan nawa siya ni Allah:

**Unang Pangkat:** Kailangang magbayad ng pag-aayuno, Ito ang opinyon ng Apat na Imam.

**Pangalawang Pangkat:** Hindi, Ito ang opinyon ni Hasan at A'ta at ibang mga dalubhasa.

**Ang Pinakamalapit:** Kailangan niyang mag-aayuno sapagkat ang mga katibayan ay malinaw.

عَنْ أَسْمَاءَ بِنْتِ أَبِي بَكْرٍ قَالَتْ أَفْطَرْنَا عَلَى عَهْدِ رَسُولِ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- فِي يَوْمِ غَيْمٍ نَمَّ طَلَعَتِ الشَّمْسُ. قُلْتُ لِهَيْشَامٍ أَمَرُوا بِالْقَضَاءِ قَالَ لَا بُدَّ مِنْ ذَلِكَ. رواه ابن ماجه

Ayon kay Asma bintu Abu Bakr (r.a) na kanyang sinabi: Sinira namin ang aming pag-aayuno sa panahon ng sugo ng Allah (s.a.w) sa araw kung saan ito ay maulap ngunit lumabas ang araw, may nagsabi kay Hisham: Inutasan ba silang magbayad. Sabi: Kailangang bayaran nila iyon. Isinalaysay ni Ibnu Majah.

Nagsalungat sila hinggil sa Hadith ni Umar (r.a) na nag-utos ng kabayaran at karamihan sa mga nagsalaysay, kaya ang malapit at ligtas ay kailangang bayaran lalo na sa ating panahon na naging madaling malaman ang oras.

### **Babala: Ang kaibahan ng Pagdududa at Akala:**

- Ang pagdududa ay naging katulad ang antas ng dalawang bagay at pag-aalinlangan dahil sa kawalan ng katibayan at palatandaan upang pinilin ang isa sa mga dalawang posibilidad.
- Ang akala ay pagpili sa isa sa mga dalawang posibilidad na walang pagtukoy sa katibayan at palatandaan at marka.

### **Lugar na Merong Gabi At Umaga**

**44.** Ang lugar kung saan merong gabi at umaga ay kailangang mag-aayuno sa buong umaga kahit pa ito'y mahaba. Walang salungatan ito sa mga Dalubhasa.

عَنْ عُمَرَ بْنِ الْخَطَّابِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « إِذَا أَقْبَلَ اللَّيْلُ مِنْ هَا هُنَا ، وَأَدْبَرَ النَّهَارُ مِنْ هَا هُنَا ، وَعَرَبَتِ الشَّمْسُ ، فَقَدْ أَفْطَرَ الصَّائِمُ » متفق عليه

Inulat ni Umar bin Khattab (r.a) na sinabi ng Propeta ng Allah (s.a.w): "Kapag dumating ang gabi mula rito at umalis ang umaga mula

rito at lumubog ang araw, Katotohanan nasira ang pag-aayuno ng tao." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

Ito ang Fatwa ng mga Dalaubhasa sa ngayon at kapag natakot sa kapahamakan ang tao sa kanyang sarili dahil sa haba ng umaga ay puwede niyang sirain ang pag-aayuno dahil sa katwiran na ito, sa kondisyon na hindi siya maging pabaya subalit bayaran niya ito.

### **Lugar na mahirap tukuyin ang oras ng Gabi at Umaga**

**45.** Ang lugar kung saan hindi malaman ang gabi at umaga at parang isang araw ang umaga o gabi. Ang gabi o ang umaga ay dapat sukatin o kaya sundan ang mas malapit na lugar sa kanilang gabi at umaga.

### **Pangatlo: Ang mga makakasira ng Pag-aayuno at mga Sitwasyon at ang Prinsipyo.**

Alamin kaawaan nawa ako ng Allah at sa ikaw: Ang mga prinsipyo rito sa mga nakakasira sa panahon natin ay mga sumusunod:

**Unang Prinsipyo:** Lahat na likido na dumating sa tiyan na dumadaan ng normal sa bunganga kahit pa ito ay pagkain o hindi. Ito ay nakakasira ng pag-aayuno.

**Pangalawang Prinsipyo:** Lahat na pumasok sa katawan na nakakabusog kahit hindi pa ito dumaan ng normal. Ito ay nakakasira ng pag-aayuno.

### **Dumadaan sa Bunganga o Ilong**

**46.** Ang pagkain at inumin na dumaan sa bunganga o ilong at iba pa ay isa sa mga nakakasira ng pag-aayuno.

### **Pagdurugo mula sa Panganganak**

**47.** Ang regla at pagdurugo sa panganganak rin.



## Pagsuka ng Sinadya

**48.** Pagsuka ng sinadya ay nakakasira ng pag-aayuno at kung hindi niya ito sinadya ay hindi nakakasira. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ -صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « مَنْ ذَرَعَهُ الْقَيْءُ فَلَا قَضَاءَ عَلَيْهِ وَمَنْ اسْتَقَاءَ فَعَلَيْهِ الْقَضَاءُ ». رواه ابن ماجه

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Ang sinumang naunahan ng pagsuka ay walang kabayaran sa pag-aayuno, at sinumang pinilit ang pagsuka ay kailangang magbayad." Isinalaysay ni Ibnu Majah

## Paglabas ng Dugo

**49.** Ang paglabas ng dugo tulad sa sugat at pagdurugo ay hindi nakakasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil sa kawalan ng katibayan.

## Paninigarilyo

**50.** Ang paninigarilyo ay nakakasira ng pag-aayuno ayon sa Apat na Imam at iba pang mga Dalubhasa sapagkat kanyang sinasadya ang pagpasok ng usok sa kanyang lalamunan.

## Tablitas para sa atake sa Puso

**51.** Mga tablitas para sa atake sa puso na nilalagay sa ilalim ng dila ay hindi nakakasira ng pag-aayuno maliban kung pumasok ito ng sadya sa tiyan.

## Pinapatak na Gamot

**52.** Mga uri ng mga gamot na pinapatak:

**a.** Pinapatak sa mata at tinga ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi ito umaabot sa tiyan, at kung umabot ito kahit kaunti.

Ang kanyang pag-aayuno ay wasto katulad rin ng pagmumog at pagsinga. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**b.** Pagpatak sa ilong ay nakakasira sa pag-aayuno kung umabot sa tiyan ng pasadya. Ito ang opinyon ng Apat na Imam. Ang kanyang pag-aayuno ay wasto katulad rin ng pagmumog at pagsinga.

### **Hangin na Oxygen**

**53.** Ang hangin na Oxygen tulad ng mga spray sa hika ay may dalawang kondisyon :

**Una:** Walang halong mga likidong sangkap o tuyong sangkap. Ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi ito pagkain.

**Pangalawa:** May halong likidong sangkap o tuyong sangkap. Ito ay nakakasira ng pag-aayuno sapagkat umaabot ito sa tiyan at kung umaabot ng kakaunti, ang kanyang pag-aayuno ay wasto katulad ng pagmumog at pagsinga.

### **Ang Pagbabakuna**

**54.** Ang pagbabakuna ay may mga sitwasyon:

**a.** Kung nakakabusog, ito ay nakakasira sapagkat tumatayo ito bilang pagkain.

**b.** Kung ito ay gamot ay hindi nakakasira sapagkat hindi ito tumatayo bilang pagkain.

**c.** Kung ito ay pampanganda, hindi rin ito nakakasira tulad kanina.

**Isyu:** Ang inyeksyon para makita ang sinapupunan ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi ito pagkain.

### **Ang pagsasagawa ng Dialysis**

**55.** Dialysis ay dalawang uri:

- Kung may hinalo sa dugo na mga sangkap na nakakabusog at matatamis at iba pa, Ito ay nakakasira ng pag-aayuno.
- At kung ito ay para lamang sa panlilinis ng dugo na walang halo, ito ay hindi nakakasira.

May nagsabi: "Ito ay nakakasira dahil sa pagpasok ng dugo sa katawan, kaya ang isyung ito ay pinaduduhan kaya ang mas malapit sa tama ay ipaliban ito hanggang sa gabi."

### **Pagpasok sa harapan ng Ari**

**56.** Ang pagpasok sa harapan ng ari at sa likod para sa pagbubuntis at pagsusuri at panlinis at iba pa ay hindi nakakasira. At ito ang pinili ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay hindi pagkain at hindi pumupunta sa tiyan.

### **Paggamit ng Toothpaste**

**57.** Paggamit ng Toothpaste ay hindi nakakasira ng ayuno.

### **Ang Bubble Gum**

**58.** Ang bubble gum ay nakakasira ng pag-aayuno dahil ito ay merong sangkap na asukal at lasa ng mga prutas at natural na kulay o kemikal na umaabot sa tiyan kasama ang laway.

### **Ang (Gastroscope)**

**59.** Ang paggamit ng kagamitan na (Gastroscope) ay may dalawang sitwasyon:

**Una:** Kung walang halong mga natural na sangkap ay hindi makakasira ayon sa malapit na sinabi ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay hindi pagkain.

**Pangalawa:** Kung merong mga natural na sangkap, ito ay nakakasira sapagkat ito ay likidong umaabot sa tiyan.

### **Tina para sa mga Pilikmata**

**60.** Ang Kah'l (Tina para sa mga pilikmata) ay may dalawang sitwasyon:

**Una:** Paglagay ng Kah'l sa loob ng mata, ito ay hindi makakasira kahit pa ito ay umabot sa lalamunan. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay hindi umaabot sa tiyan at hindi rin pagkain.

**Pangalawa:** Paglagay ng Kah'l sa labas ng mata, ito ay hindi makakasira sapagkat hindi ito pumasok sa mata.

### **Pampakulay ng Buhok**

**61.** Ang pampakulay sa buhok ay hindi makakasira tulad ng hatol sa Kah'l sapagkat hindi ito pagkain at umaabot sa tiyan.

### **Gamot Na Pandikit**

**62.** Mga uri ng gamot na pandikit:

- a.** Pandikit na may Nicotine, ito ay makakasira tulad ng paninigarilyo. Ito ang pinili ng mga Dalubhasa. Sabi ng iba: Hindi sapagkat hindi ito pagkain at inumin, kaya ang isyung ito ay merong pag-aalinlangan kaya mas mainam ay iiwanan na lang.
- b.** Pandikit para sa pagbubuntis, ito ay hindi makakasira sapagkat hindi ito pagkain at hindi umaabot sa tiyan.
- c.** Pandikit para pantanggal ng gutom, sa malapit na opinyon ito ay hindi makakasira ng ayuno sapagkat ito ay nagbibigay ng pakiramdam at hindi bilang pagkain.
- d.** Paglagay ng eye lens, ito ay hindi makakasira ng pag-aayuno kahit pa ito ay gamot o hindi sapagkat hindi ito umaabot sa tiyan at hindi pagkain.

### **Medikal na Likido**

**63.** Medikal na likido ay hindi makakasira ng ayuno sapagkat nilalanghap lamang mula rito ang amoy at ito ay hindi umaabot sa tiyan at hindi pagkain.

### **Medikal na Nilalanghap at Spray**

**64.** Medikal na nilalanghap at spray ay hindi makakasira ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay hindi pagkain at

hindi umaabot sa tiyan kahit pa ito pumasok sa bunganga ng kaunti na hindi naman sinasadya.

### **Paglanghap ng Singaw at Usok**

**65.** Ang mga singaw at mga usok na ibinubuga mula sa mga pabrika at saka nalalanghap ng nag-aayuno ay kagaya ng nakaraang isyu.

### **Pagkuha ng Dugo**

**66.** Ang pagkuha ng dugo ay merong dalawang sitwasyon:

**Una:** Kung para sa pagsusuri ay hindi nakakasira sapagkat ang pagkuha nito ay kaunti lamang.

**Pangalawa:** Kung para sa donasyon ng dugo sa iba, ang mas mainam ay gawin ito sa gabi para makalabas sa salungatan, Tulad sa isyu ng Hijama.

**Unang Opinyon:** Hindi makasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa -Kaawaan nawa sila ng Allah –

**Pangalawang Opinyon:** Makakasira ng Pag-aayuno. Ito ang opinyon ni Hasan at ibang mga Dalubhasa dahil sa pagiging tama ng mga Hadith at ang dahilan ng pagkasira ay ang Hijama.

### **Aksidente**

**67.** Paglabas ng Dugo dahil sa mga aksidente at pagputol ng mga ugat at iba pa para sa pagpapagamot ay hindi nakakasira ng pag-aayuno ayon sa malapit na opinyon ng karamihan sa mga Dalubhasa sapagkat sa kawalan ng katibayan.

### **Pagdurugo ng Sinadya**

**68.** Paglabas ng dugo dahil sa pagdurugo ng pasadya o hindi sinadya, at saka hindi naman umabot sa lalamunan. Ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno. At kapag umabot sa lalamunan, ito ay hindi nakakasira ayon sa malapit na opinyon, At ito ang opinyon ng karamihan sa mga Dalubhasa dahil sa kawalan ng katibayan at mahirap iwasan.

### **Paggamit ng Kemikal**

**69.** Paggamit ng kemikal para sa mga may sakit na kanser, Ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno dahil dinaan ito sa pamamagitan ng inyeksiyon sa dugo, at kadalasan hindi niya kayang mag-ayuno.

### **Inyeksiyon sa Dugo**

**70.** Inyeksiyon sa dugo:

**Sabi ng iba:** Nakakasira ng pag-aayuno,

**Sabi ng iba:** Hindi at ito ang malapit at pinili ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat hindi naman ito pagkain o inumin, at kung ang katawan ay nangangailangan nito ngunit hindi ito tumatayo bilang pagkain at inumin. Kaya ang isyung ito ay may pag-aalinlangan at ang mas mainam ay ipahuli ito sa gabi.

### **Cream at Moisturizer**

**71.** Ang paggamit ng mga Cream at Moisturizer ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi ito pagkain at inumin at hindi umaabot sa tiyan.

### **Anesthesia**

**72.** Anesthesia sa pamamagitan ng bunganga at ilong ay hindi nakakasira ng pag-aayuno, at kung ito ay nagpapawala ng malay buong araw ay kailangang bayaran at kung kabahagi ng umaga lamang ay dapat siyang mag-ayuno tulad sa nabanggit.

### **Pagtanggal ng Kapisaso ng Parte sa Katawan**

**73.** Pagtanggal ng kapisaso sa ibang parte sa katawan para sa pagsusuri sa pamamagitan ng karayom at teleskopyo na may pamputol, ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat ito ay hindi pagkain, basta hindi ito hinaluan ng mga likidong sangkap at ipapasok sa bunganga o ilong tungo sa tiyan dahil ito ay nakakasira ng ayuno.

### **Paglunok ng Plema**

**74.** Ang paglunok ng plema ay hindi nakakasira ng pag-aayuno ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa at ito rin ang opinyon ng

karamihan sapagkat sa katotohanan ito ay mga likido na mula sa Respiratory, at ito ay hindi pagkain subalit ang mas mainam ay huwag lunukin.

### **Paglunok ng Laway**

**75.** Ang paglunok ng laway ay hindi nakakasira ng pag-aayuno kahit pa ito'y kanyang inipon o hindi, at kung umabot pa ito sa dalawang labi. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay hindi pagkain o inumin.

### **Paglunok sa natirang Tubig**

**76.** Paglunok sa natirang tubig dahil sa pagmumog ay hindi makakasira ng pag-aayuno ayon sa malapit na sinabi ng mga Dalubhasa. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil mahirap iwasan ito at saka pinahintulot rin ang pagmumog.

### **Sobrang Pagmumog at Pagsinga**

**77.** Ang sinumang nagpapasobra sa pagmumog at pagsinga at saka pumasok ang tubig sa kanyang lalamunan, Ito ay hindi makakasira ng pag-aayuno ayon sa malapit sa sinabi ng mga Dalubhasa dahil hindi naman niya ito sinadya subalit kung kanyang sinadya ay makakasira ng ayuno.

### **Pagmumog ng Gamot**

**78.** Ang pagmumog ng gamot at iba pa ay hindi makakasira ng pag-aayuno kung hindi ito umaabot sa tiyan, at kung pumasok na hindi sinadya ay walang problema.

### **Sprayer na may Gamot**

**79.** Ang Sprayer na may gamot upang linisan ang mga ngipin at iba pa ay hindi makakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi ito umaabot sa tiyan at hindi pagkain.

## Pagtanggal ng Ngipin at Pustiso at Liposuction

**80.** Ang pagkuha ng pustiso at pagtanggal ng ngipin at Liposuction at pagkuha ng parte sa katawan para sa pagsusuri o paglagay ng ngipin ay hindi nakakasira ng pag-aayuno basta walang kasamang operasyon na naglalagay ng Anesthesia na nagwawala ng malay buong araw tulad sa nabanggit dati.

## Basang Panaginip

**81.** Ang nalabasan sa ari dahil sa panaginip ay hindi nakakasira ng pag-aayuno.

## Paglabas ng Madhi

**82.** Ang paglabas ng Madhi (likidong lumalabas dahil sa malakas na pagnanasa bago gawin ang sekswal) ay merong mga sitwasyon:

**Una:** Lumabas ito sa unang tingin. Ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

عَنِ ابْنِ بُرَيْدَةَ عَنْ أَبِيهِ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- لِعَلِيِّ « يَا عَلِيُّ لَا تَتَّبِعِ النَّظْرَةَ النَّظْرَةَ فَإِنَّ لَكَ الْأُولَى وَلَيْسَتْ لَكَ الْآخِرَةُ ». رواه أبو داود

Inulat ni Ibnu Burayda na sinabi ng kanyang ama na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w) sa kay Ali: "Oh Ali huwag mong sundan ang tingin ng isa pang tingin sapagkat ang una ay para sa iyo at ang pangalawa ay hindi sa iyo." Isinalaysay ni Abu Dawud

Sapagkat mahirap iwasan ang unang tingin sa isang nilalang.

**Pangalawa:** Paglabas nito dahil sa maraming beses na tingin ay hindi makakasira ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa.

**Pangatlo:** Paglabas nito dahil sa halik at pagyakap at iba pa, ito ay hindi makakasira dahil sa kawalan ng katibayan at ito ay hindi kasingtulad ng semilya at kadalasan mahirap ito iwasan.

## Paglabas ng Semilya

**83.** Paglabas ng semilya ay merong mga sitwasyon:



**Una:** Paglabas nito sa unang tingin, ito ay hindi nakakasira ayon sa malapit na opinyon katulad sa sitwasyon ng Madhi sa unang sitwasyon.

**Pangalawa:** Paglabas nito dahil sa maraming beses na tingin, ito ay nakakasira ng pag-aayuno ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa. At ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil kanyang sinadya ang pagpalabas nito.

**Pangatlo:** Paglabas nito dahil sa halik at pagyakap, ito ay nakakasira ng pag-aayuno.

**Pang-apat:** Paglabas nito dahil sa masturbasyon, ito ay nakakasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil sa hadith:

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ «يَقُولُ اللَّهُ عَزَّ وَجَلَّ الصَّوْمُ لِي وَأَنَا أَجْزَى بِهِ يَدَعُ شَهْوَتَهُ وَأَكْلَهُ وَشُرْبَهُ مِنْ أَجْلِي، وَالصَّوْمُ جُنَّةٌ، وَلِلصَّائِمِ فَرْحَتَانِ فَرِحَةٌ حِينَ يُفْطِرُ وَفَرِحَةٌ حِينَ يَلْقَى رَبَّهُ، وَالْخُلُوفُ فَمِ الصَّائِمِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ رِيحِ الْمِسْكِ» متفق عليه

Inulat ni Abu Hurairah (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Sabi ng Allah - Ang Kataas-taasan at Ang Makapangyarihan - : Ang pag-aayuno ay Akin at Ako ang magbibigay ng gantimpala sa kanya, dahil iniwan niya ang kanyang pagnanasa at pagkain at pag-inom para sa Akin. Ang pag-aayuno ay panangga, at may dalawang kasiyahan ang nag-aayuno; kasiyahan habang kumakain siya ng Iftar, at kasiyahan habang makikita niya ang kanyang Panginoon. At katotohanan ang mabahong bunganga ng nag-aayuno ay mas mabango kay Allah kaysa amoy ng Musk." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

### **Paghalik sa Asawa**

**84.** Kung hinalikan siya ng kanyang asawa na hindi naman niya kagustuhan at saka siya'y nilabasan, Ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng Apat na Imam sapagkat hindi niya ito kagustuhan.

## **Likidong lumalabas pagkatapos ng Ihi**

**85.** Ang Wadi (Likidong lumalabas pagkatapos ng ihi), ito ay hindi nakakasira. Ito ang opinyon ng ibang mga Dalubhasa sapagkat ang orihinal ay wastong pag-aayuno at walang matibay na katibayan hinggil sa pagkasira nito.

### **Magandang Aral:**

Dahilan kung bakit nagkasalungat ang mga Dalubhasa hinggil sa nakakasira ng pag-aayuno sa nakaraan at sa kasalukuyan?

Kung ito ba pumapasok sa lalamunan o sa katawan o pumapasok sa tiyan, Kung kailangan ba talaga sa pamilyar na pasukan tulad ng bunganga at ilong o kaya hindi tulad ng tinga at iba pa?.

Kung kailangan ba pumasok bilang pampasigla tulad ng pagkain at inumin o hindi kondisyon basta nakapasok ay kaagad makasira ng pag-aayuno?. Ang salungatan ba sa pagiging wasto ng ibang mga Hadith o kaya hindi, o pagiging wastong paghahambing.

Lahat ng iyan ay lugar ng salungatan. Ang natuklasan ng Medisina sa kasalukuyan ba ay dahilan rin sa salungatan ng mga Dalubhasa sa dati nilang pinaniniwalaan hinggil sa mga pasukan ng pagkain sa katawan, tulad ng pasukan sa tinga at mata at puwit at sa ari tungo sa tiyan?

At ang mga Dalubhasa ay merong dalawang pananaw sa mga nakakasira ng pag-aayuno: Ang pagiging masikip sa mga nakakasira ng ayuno at maluwag sa mga nakakasira.

### **Paglunok ng Kaunting Pagkain**

**86.** Ang paglunok ng kaunting pagkain kahit sinadya pa niya ito, Tunay nasira ng kanyang pag-aayuno, at kung hindi niya ito sinadya, ang kanyang pag-aayuno ay wasto. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

## Paglunok sa pagitan ng Ngipin

**87.** Ang paglunok sa pagitan ng mga ngipin, ang hatol nito ay katulad kanina.

## Pakipagtalik sa umaga ng Ramadan

**88.** Ang pakipagtalik sa umaga ng Ramadan ay isa sa mga nakakasira ng pag-aayuno kahit nilabasan siya o hindi. Ang mga katibayan rito ay napakarami.

## Kabayaran ng Pakipagtalik

**89.** Kabayaran ng pakipagtalik sa Ramadan.

Ito ay pagpalaya ng alipin at kung walang mahanap ay mag-ayuno ng dalawang buwan na sunod-sunod, at kung hindi niya kaya ay magpakain ng animnapung mga mahihirap. Ito ay ayon sa pagsunod-sunod ng Hadith at hindi puwede mamili. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ بَيْنَمَا نَحْنُ جُلُوسٌ عِنْدَ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - إِذْ جَاءَهُ رَجُلٌ ، فَقَالَ يَا رَسُولَ اللَّهِ هَلَكْتُ . قَالَ « مَا لَكَ » . قَالَ وَقَعْتُ عَلَى امْرَأَتِي وَأَنَا صَائِمٌ . فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « هَلْ تَجِدُ رَقَبَةً تُعْتِقُهَا » . قَالَ لَا . قَالَ « فَهَلْ تَسْتَطِيعُ أَنْ تَصُومَ شَهْرَيْنِ مُتَتَابِعَيْنِ » . قَالَ لَا . فَقَالَ « فَهَلْ تَجِدُ إِطْعَامَ سِتِّينَ مَسْكِينًا » . قَالَ لَا . قَالَ فَمَكَثَ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - ، فَبَيْنَمَا نَحْنُ عَلَى ذَلِكَ أَتَى النَّبِيَّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - بِعَرَقٍ فِيهَا تَمْرٌ - وَالْعَرَقُ الْمِكَتَلُ - قَالَ « أَيْنَ السَّائِلُ » . فَقَالَ أَنَا . قَالَ « خُذْهَا فَتَصَدَّقْ بِهِ » . فَقَالَ الرَّجُلُ أَعْلَى أَفْقَرٍ مِنِّي يَا رَسُولَ اللَّهِ فَوَاللَّهِ مَا بَيْنَ لَابَتَيْهَا - يُرِيدُ الْحَرَّتَيْنِ - أَهْلُ بَيْتٍ أَفْقَرُ مِنْ أَهْلِ بَيْتِي ، فَضَحِكَ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - حَتَّى بَدَتْ أَنْيَابُهُ ثُمَّ قَالَ « أَطْعِمُهُ أَهْلَكَ » . رواه البخاري

Inulat ni Abu Hurayra (r.a) na kami ay umuupo sa tabi ng Propeta (s.a.w) at may lalaking dumating sa Propeta (s.a.w) at nagsabi: (Kasiraan sa akin oh Sugo ng Allah, kanyang sinabi: "Anong meron sa iyo?" Sabi: "Nagalaw ko ang aking asawa habang ako ay nag-aayuno". Sabi ng Mensahero ng Allah: "Meron ka bang aliping papalayain?" Sabi: "Wala". Sabi: "Kaya mo bang mag-ayuno ng Dalawang Buwan na sunod-sunod?", Sabi: "Hindi". Sabi: "Kaya mo bang magpakain ng animnapung mga Mahihirap?" Sabi: "Hindi". Kaya nanatili ang Propeta

(s.a.w). Habang kami ay naghihintay, at may dumating sa Propeta (s.a.w) isang tungkos ng Dates kaya kanyang sinabi: Nasaan na ang Nagtatanong?, at kanyang sinabi: "Ako". Sabi: "Kunin mo ito at saka ipamigay". Sabi ng tao: "Meron pa bang mas mahirap kaysa sa akin Oh Mensahero ng Allah! Sumpa sa Allah walang pamilya sa pagitan ng dalawang bundok dito na mas mahirap kaysa sa aking pamilya". Kaya napatawa ang Propeta (s.a.w) hanggang lumabas ang kanyang ngipin. Sabi niya: "Ipakain mo na ito sa inyong pamilya). Isinalaysay ni Bukhari

### **Kung hindi kayang Magpalaya**

**90.** Kung hindi kayang magpalaya katulad sa kasalukuyang kalagayan, Katotohanan lilipat ito sa pag-aayuno at hindi puwede itong gawing pera bilang kabayaran ayon sa malapit na opinyon at hatol ng Apat na Imam sapagkat malinaw sa Hadith. At ang paglipat sa kabayaran ng pera ay salungat sa Hadith.

### **Pagsira sa sunod-sunod na Ayuno**

**91.** Sinumang sumira ng pag-aayuno sa loob ng dalawang buwan na sunod-sunod dahil meron siyang kadahilanan tulad ng karamdaman o paglalakbay o regla o pagdurugo mula sa panganganak o kamangmangan o pagkalimot, Ito ay hindi maging sagabal. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Isyu:** Ang sinuman ang merong obligasyon na dalawang buwan na pag-aayuno ng sunod-sunod at hindi niya kayang gawin ito subalit kaya niyang mag-aayuno sa paiba-ibang araw ay hindi puwede. Dahil kailangan niyang mag-ayuno ng sunod-sunod at puwedeng sirain kung meron siyang dahilan tulad kanina.

### **Walang kakayahang mag-ayuno dahil sa Karamdaman**

**92.** Ang sinumang hindi kayang mag-ayuno dahil sa karamdaman o katandaan ay magpakain ng animnapung mga mahihirap lalaki man o babae o kaya bata na kayang kumain ng pagkain, kahit isang bayaran ito o kaya magkahiwalay sa iibang araw hanggang makabuo ng

animnapung mahihirap. At hindi puwede ibigay ito sa iisang tao sa isang bigay sa isang araw o kaya sa animnapung araw. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil malinaw ang pagkasabi sa Hadith.

### **Sukatan ng Pagpapakain**

**93.** Ang sukatan ng pagpapakain ay nagkaroon din ng salungatan sa mga Dalubhasa. At ang dahilan nito: Maraming mga salaysay hinggil sa sukatan. Salungatan sa pagiging wasto ng mga Hadith at pagiging wasto sa paghahambing sa ibang mga kabayaran.

**Sabi:** Labinglima Saa (45 kilo). Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil sa utos ng Propeta (s.a.w) sa mga tao<sup>1</sup>. Kaya ang bawat mahirap ay may kalahating Saa (1.5 Kilo) na walang kulang. At ang isang Saa ay tatlong kilo.

**Sabi:** Pagkain na nakakabusog at ito ang opinyon ng ibang grupo ng mga Dalubhasa dahil sa mahinang katibayan para sa pagbigay ng sukatan.

**Ang Pinakamalapit ay ang Pangtatlo:** dahil sa utos ng Propeta (s.a.w) sa nakipagtalik sa Ramadan ng pagkain at hindi tinukoy ang sukatan. Kung merong sukatan ay sana ipinaliwanag ito katulad ng ibang mga Kabayaran (Kaffarah), at ito ay dapat pagkain ng mga Tagalugar at hindi siya magpalabas ng pera.

### **Pakainin ang mga Mahihirap**

**94.** Puwedeng pakainin ng hapunan at tanghalian ang mga mahihirap. Ito ang opinyon ng ibang naunang mga tao at mga Dalubhasa. Kailangan ba ang insaktong sukat o kaya makabusog na pagkain? Ang salungatan na ito ay katulad kanina.

**Isyu:** Ang paggastos sa pagpapakain at pagbibigay ng pagkain para sa walang kayang mag-ayuno ay dapat sa kanyang kapahintulutan.

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Abu Dawud (2393) at iniwasto ni Albani at ginawang mahina ito ni Ibnu Qattan sa Wahm wal Iham (2/122) at Fathul Bari (4/169)

**Paalala:** Ang mga dahilan na kailangang ilipat ang kabayaran ng pag-ayuno sa pagpapakain ay isang utos ni Allah sa tao. Ang bawat isa ay higit na nakakaalam sa kanyang sarili at hindi puwedeng ilipat ito kaagad sa pagpapakain kung walang dahilan o paghihirap o kaya'y hinala.

### **Walang kakayahan sa Kaf'farah**

**95.** Ang sinumang walang kakayahan sa Kaf'farah (Kabayaran) ay hindi mawawala sa kanya ang utang at mananatili ito sa kanyang responsibilidad. At kung kailan siya merong kakayahan ay kailangan niya itong bayaran, at kung sakaling namatay siya at wala siyang kakayahan ay walang problema ito. At kung meron siyang iniwang pamana ay kailangan itong ipalabas mula sa kanyang naiwang pamana. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Kabayaran sa Asawang Babae**

**96.** Ang asawang babae ba meron ding kabayaran? Merong dalawang sitwasyon:

**Una:** Kung siya'y pinilit lamang ay wala siyang pananagutan o kabayaran.

**Pangalawa:** Kung siya'y sumang-ayon rito ay kailangan niyang bayaran. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat kung anumang pananagutan ang kalalakihan ay ganon rin sa kababaihan at walang katibayan sa pagkaiba nila.

### **Pagbayad sa Araw ng kanyang Pakipagtalik**

**97.** Kailangan ba niyang bayaran ang araw ng kanyang pakipagtalik?

Oo kailangan niyang bayaran. Ito ang opinyon ng Apat na Imam dahil ang Mensahero (**s.a.w**) ay nag-utos ng kabayaran sa nakipagtalik sa asawa: (At bayaran mo ng isang araw bilang kapalit.)<sup>1</sup> At paghambing sa taong sinadya niya ang pagsuka ay kailangang

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Abu Dawud 2393 at Baihaqi 8057 at sinabi rin ni Ibnu Hajr. Fathul Bari 4/172 at Irshad ni Khalili 1/344 at Ahkam Wasiti 2/231 at Tahdib Sunan ni Ibnu Qayem 1/447

magbayad sapagkat ang orihinal ay magbayad ng pag-aayuno, at walang katibayan sa pagwala sa pananagutang ito dahil ang pananagutan ay mawawala lamang sa pagpalit o pagbayad, kaya ang pananagutan ay mananatili sa kanya at ang mga prinsipyo sa Islam ay nagpapatunay rito.

### **Sa gumagawa ng Pangangalunya**

**98.** Ang sinumang gumawa ng pangangalunya -Magpakupkop nawa tayo kay Allah laban rito- ay kailangan ring magbayad. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa katulad sa kasal at walang kaibahan sa pagsira sa kabanalan ng Muharram bagkus ito pa ang mangunguna sa pagiging obligasyon ng kabayaran.

### **Ang sumira ng Ayuno ng sadya ay merong Kabayaran**

**99.** Ang sinumang sumira ng sadya para makipagtalik sa asawa ay nagkasala at kailangang magbayad. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ang nagsasabi ng walang kabayaran rito ay nagdadaya lamang. At hindi puwede sa batas ng Islam ang pandaraya.

### **Pagkain dahil Nalimutan**

**100.** Ang sinumang kumain na nakalimot at inaakala na siya ay hindi nag-aayuno at saka nakipagtalik sa asawa ay walang kabayaran. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ang kamangmangan ay nasa oras tulad sa kamangmangan sa batas subalit babayaran niya ito. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Kabayaran sa paulit-ulit na Pagtatalik**

**101.** Ang paulit-ulit na pagtatalik ay merong mga sitwasyon.

**a.** Kung inulit niya ito sa iisang araw at hindi siya nagbayad sa una, kailangan niyang bayaran ito sa isang beses lamang.

**b.** Kung inulit niya ito sa iisang araw at kanyang binayaran ang una, ito ay isang kabayaran.. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat hindi ito tinaon sa tamang pag-aayuno.

**c.** At kung inulit niya ang pakipagtalik sa dalawang araw at kanyang nabayaran ang unang araw, kailangan niyang bayaran ang pangalawa rin.

**d.** At kung inulit niya ang pakipagtalik sa mga maraming araw at hindi nagbayad, Meron ditong salungatan sa mga Dalubhasa. Ang pinakamalapit na opinyon: Ang pagpaparami ng kabayaran ay ayon sa dami ng mga araw, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ang bawat araw sa pagsamba ay nakabukod, at kung may nagsabi hinggil sa kuwento tungkol sa nakipagtalik, hindi siya tinanong ng Mensahero (s.a.w): Kung ilang araw ka nakipagtalik?. Ang sagot: Naisalaysay sa ibang kuwento: Nagalaw ko ang aking asawa sa araw na iyon sa buwan ng Ramadan. Sabi: Magpalaya ka ng alipin.<sup>1</sup>

### **Pagtanggal mula sa pakikipagtalik dahil sa Adhan**

**102.** Pagtanggal ba tulad rin sa hatol sa pagtatalik?

Ang Pagtanggal ay pagtanggal ng tao sa kanyang ari mula sa pakikipagtalik sa oras kung saan narinig ang Adhan o kaya pumasok ang oras ng Salah ng Fajr. Ang hatol nito: Hindi ito maituring hatol tulad sa pakikipagtalik ngunit kailangan niyang mag-ayuno ayon sa malapit na opinyon ng mga dalubhasa. At ito rin ang opinyon ni Ibnu Umar at karamihan ng ibang mga Dalubhasa, dahil nagtigil siya sa gawain na iyon at hindi nagpatuloy sa oras nang pumasok ang Fajr.

### **Pakipagtalik bago ang Fajr**

**103.** Kapag nakipagtalik ang lalaki sa babae bago ang Fajr at nagpatuloy silang dalawa at inakala na hindi pa dumating ang buwang-liwayway at saka naging malinaw sa kanila na sumikat na pala ang araw, dito nagkaroon ng salungatan ang mga Dalubhasa:

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Baihaqi sa Kubra 8047 at Daruqutni 2303 at kanya itong iniwasto.



**Una:** Walang kabayaran sa kanila at walang pag-aayuno sa sunod na araw. Ito ang sinabi ng ibang mga nauna tulad ni Saed bin Jubair at Mujahid at Hasan at Ishaq.

**Pangalawa:** Ang pag-aayuno ay nasira subalit walang kabayaran. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangatlo:** Kailangan niyang magbayad at mag-ayuno sa sunod na araw, Ito ang opinyon ng ibang mga Dalubhasa.

**Ang pinakamalapit ay** ang Una sapagkat ang hatol ay mawalang saysay kung sila ay mangmang katulad rin ng pagkalimot.

### **Nilabasan pagkatapos ng Fajr**

**104.** Ang sinumang nakipagtalik sa gabi at kanya itong tinanggal ngunit nilabasan siya pagkatapos ng Fajr. Ang kanyang ayuno ay wasto sapagkat ang paglabas nito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno.

### **Pakipagtalik sa Gabi ngunit naabutan ng Fajr**

**105.** Ang sinumang nakipagtalik sa gabi at saka sumikat ang buking-liwayway ngunit siya ay nagpatuloy. Tunay nasira ang kanyang pag-aayuno at kailangan niyang bayaran ang kasalanan at mag-ayuno sa ibang araw. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat siya ay nakipagtalik sa oras ng ayuno.

### **Manlalakbay ay hindi kailangang Magtimpi**

**106.** Kapag dumating ang manlalakbay na hindi nag-aayuno at ang nagreregla kapag siya'y naging malinis, hindi nila kailangang magtimpi sa natirang oras ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa at kung merong nangyaring pakipagtalik ay wala rin silang kabayaran. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat walang pananagutan ang mga tao sa ipinahintulot ni Allah.

## Pagligo pagkatapos ng Fajr

**107.** Ang sinumang nakipagtalik at saka naligo pagkatapos ng Fajr, Tunay wasto ang kanyang pag-aayuno dahil sa salaysay ni Ummu Salamah Kalugdan nawa siya ni Allah.

عَنْ أُمِّ سَلَمَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - يَسْأَلُ عَنِ الرَّجُلِ يُصْبِحُ جُنُبًا أَيْصُومُ فَقَالَتْ كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- يُصْبِحُ جُنُبًا مِنْ جَمَاعٍ لَا مِنْ حُلْمٍ ثُمَّ لَا يُفْطِرُ وَلَا يَقْضِي . مُسْلِمٌ

Inulat ni Ummu Salamah (r.a) na may lalaking nagtanong hinggil sa naabutan ng umaga na siya ay nalabasan, Kailangan ba niyang mag-aayuno. Kanyang sinabi: "Ang Mensahero ng Allah (s.a.w) dati kung naabutan ng umaga na nalabasan dahil sa pakipagtalik hindi mula sa panaginip, hindi niya sinisira ang pag-aayuno at hindi niya ito binabayaran". Isinalaysay ni Muslim

## Semilya para sa Pagsusuri

**108.** Pagpalabas ng semilya para sa medikal na pagsusuri ay merong dalawang sitwasyon:

**Una:** Kung siya ay nasa operasyon, ito ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi naman ito masturbasyon at walang galaw at walang pagnanasa.

**Pangalawa:** Kung sa pamamagitan ng kagamitang pampalabas ng semilya, ay makakasira ng pag-aayuno dahil ito ay tulad ng masturbasyon na may pagnanasa at galaw.

## Pag-inyeksyon ng semilya sa Babae

**109.** Ang Pag-inyeksyon ng semilya sa babae dahil sa pagsusuri at paggamot, ay hindi nakakasira ng pag-aayuno sapagkat hindi naman ito pakipagtalik.

## Paggamit ng Siwak

**110.** Puwede gamitin ang Siwak bago ang sumapit ang hapon o pagkatapos nito. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa

dahil sa pangkalahatan na mga katibayan para sa Siwak at walang pagbabawal rito<sup>1</sup>.

### **Paglundok sa tira ng Siwak**

**111.** Paglundok sa tira ng Siwak, hindi ito nakakasira ng Pag-aayuno ayon sa malapit na opinyon ng mga Dalubhasa.

### **Paglasa sa Pagkain**

**112.** Kinamumuhian ang paglasa ng mga pagkain -walang paglundok-na hindi naman kinakailangan, at puwede tikman kung kinakailangan. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Paghalik at Pagyakap**

**113.** Paghalik at pagyakap ay merong tatlong sitwasyon:

- a.** Walang pagnanasa ay puwede.
- b.** May pagnanasa na naghahantong sa paglabas, ito ay ipinagbabawal.
- c.** May pagnanasa subalit hindi naman malalabasan, Ito ay puwede ayon sa ibang mga dalubhasa dahil sa gawain ng Mensahero ng Allah (s.a.w)<sup>2</sup>.

### **Kondisyon ng Nakakasira**

**114.** Mga kondisyon ng Nakakasira:

- a.** Ang kaalaman sa isang bagay na ito ay nakakasira, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.
- b.** Naalala, ang kabaligtaran nito ang pagkalimot.
- c.** Ang pagpili, ang kabaligtaran nito ay pinilit.

Ang sinumang nakasira ng pag-aayuno na siya ay Maalam at nakaalala at siya mismo ang pumili, Tunay nasira ang kanyang pag-aayuno, at sinumang gumawa nito na nakalimot o mangmang o nagkamali, hindi nasira ang kanyang pag-aayuno dahil sa

---

<sup>1</sup> Hashiya Ibnu Qayeem sa Sunan Abu Dawud 6/351

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Muslim 1106

pangkalahatang katibayan para sa pag-alis ng problema sa mangmang at nakalimot at nagkamali at taong pinilit.

### **Pinakamalaking Kabayaran**

**115.** Hindi magbayad ng malaki ang sinumang sumira ng kanyang pag-aayuno maliban sa pakipagtalik ayon sa malapit na salita ng mga Dalubhasa dahil sa nabanggit na katibayan hinggil sa kabayaran sa pagtatalik.

### **Kamangmangan sa Kabayaran**

**116.** Ang pag-alam tungkol sa pagbawal sa pagtatalik, at ang kamangmangan sa kabayaran ay hindi magpapawala sa kabayaran (Kaffarah), sapagkat ang leksyon rito ay pag-alam sa batas hindi sa Kaffarah katulad sa kuwento ng taong nakipagtalik.

### **Ang Kasalanan ba ay nakakasira ng Ayuno?**

**117.** Ang mga kasalanan ba ay nakakasira ng pag-aayuno? Dito meron salungatan ang mga Dalubhasa kaawaan nawa sila ni Allah:

**Unang Opinyon:** Hindi nakakasira subalit nakakabawas lamang ng gantimpala. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa dahil sa kawalan ng katibayan sa pagkasira ng ayuno.

**Pangalawang Opinyon:** Nakasira, Ito ang opinyon ni Awza'i at Nakhli.

**Ang malapit na Opinyon** ay ang una sapagkat sinabi ng isa sa mga nauna: "Kung ang panlilibak ay makakasira ng pag-aayuno, wala na sana tayong pag-aayuno". O Allah, ingatan mo ang aming mga pag-aayuno at parte ng aming mga katawan.

### **Pagkalimot at Pag-akala sa Ayuno**

**118.** Ang sinumang kumain dahil nakalimot at saka inakala na tapos na ang kanyang pag-aayuno kaya sinadya niyang kumain, Hindi maging wasto ang kanyang pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat sinira niya ito ng pasadya sa pangalawang sitwasyon.

### **Pagtatrabaho ng mabigat sa Ramadan**

**119.** Puwede ba sa nagtatrabaho ng mabigat na sirain ang kanilang pag-aayuno dahil baka mapahamak?

Kung puwede siyang humingi ng bakasyon, Ito ang mas mainam at kung hindi siya pinayagan, Tunay merong sinabi ang mga Dalubhasa na puwede niyang sirain ang pag-aayuno dahil sa pangkalahatang katibayan para sa pagtanggap ng problema at hirap na kailangan dalhin sa kaginhawaan.

### **Pagligtas sa isang tao**

**120.** Kailangang sirain ang pag-aayuno para maligtas ang isang tao kung ito ay kinakailangang sirain sapagkat hindi makumpleto ang isang obligasyon maliban rito, ito ay naging obligasyon na rin, katulad sa mga nagtatrabaho para magligtas ng buhay at mga Doktor at iba pa.

### **Pagputol ng Hangarin sa Ayuno**

**121.** Ang pagputol ng hangarin sa pag-aayuno sa obligasyon ay nakakasira ng pag-aayuno. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, sapagkat ito ay kabahagi ng umaga na kailangang hangarin para sa nag-aayuno.

### **Pagbalik ng Hangarin sa Boluntaryong Ayuno**

**122.** Ang sinumang naghangad na putulin ang pag-aayuno sa boluntaryo at pagkatapos hindi kumain at binalik ulit ang pag-aayuno, ang kanyang pag-aayuno ay wasto sapagkat ang boluntaryo ay hindi kondisyon sa buong araw na hangarin ang pag-aayuno.

### **Pagdududa kung nakakain ba sa Ramadan**

**123.** Ang sinumang nagdududa sa siya ba ay nakakain at hindi naman siya kumain, tunay wasto ang kanyang pag-aayuno dahil nanatili ang orihinal na hangaring mag-ayuno.

### **Paghangad ng nakakasira sa Ayuno**

**124.** Ang sinumang naghangad ng gawain na nakakasira ng pag-aayuno tulad sa pagkain at pag-inom subalit hindi naman niya ginawa,

wasto pa rin ang kanyang pag-aayuno sapagkat hindi niya nagawa ang nakakasira ng pag-aayuno subalit huwag siyang desidido na gawin ito na walang dahilan sa batas ng Islam dahil siya ay naging desidido sa paggawa ng kasalanan.

### **Paalalahan ang taong nakalimot sa Pag-aayuno**

**125.** Ang sinuman nakakita ng taong kumakain at umiinom dahil siya'y nakalimot, dapat niyang paalalahanan dahil ito ay pagtulungan sa paggawa ng kabutihan at pagkatakot kay Allah.

### **Pagpigil ng Regla**

**126.** Puwede sa babae na uminom ng gamot para pigilan ang regla para makapag-ayuno. Ngunit ang mainam ay huwag siyang uminom ng gamot para pigilan ang regla dahil baka ito pa ang dahilan sa kapahamakan at pagdurugo. Siya ay merong gantimpala at kapatawaran at puwede sa kanya na alalahanin si Allah at manalangin at magbasa ng Qur'an na hindi ito nahihipo tulad ng pagbasa sa pamamagitan ng cellphone at iba pa.

### **Pang-apat: Pag-aayuno sa oras ng Paglalakbay**

#### **Sitwasyon na puwedeng Sirain ng Manlalakbay**

**127.** Mga Sitwasyon na puwedeng sirain ng manlalakbay ang kanyang pag-aayuno:

**Una:** Kung pumasok ang oras ng Ramadan na siya ay naglalakbay, dito puwede niyang sirain ang kanyang pag-aayuno.

**Pangalawa:** Kung siya ay naglakbay sa oras ng gabi at nagpatuloy ang kanyang paglalakbay hanggang sa umaga, puwede niyang sirain ang pag-aayuno ayon sa karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangatlo:** Kapag lumabas siya sa kanyang lugar bilang manlalakbay at pagkatapos humangad siya ng pag-aayuno sa isa sa mga araw ng kanyang paglalakbay at saka gusto niyang kumain, puwede siyang kumain. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - خَرَجَ عَامَ الْفَتْحِ إِلَى مَكَّةَ فِي رَمَضَانَ فَصَامَ حَتَّى بَلَغَ كُرَاعَ الْعَمِيمِ فَصَامَ النَّاسُ ثُمَّ دَعَا بِقَدَحٍ مِنْ مَاءٍ فَرَفَعَهُ حَتَّى نَظَرَ النَّاسُ إِلَيْهِ ثُمَّ شَرِبَ فَقِيلَ لَهُ بَعْدَ ذَلِكَ إِنَّ بَعْضَ النَّاسِ قَدْ صَامَ فَقَالَ « أَوْلَيْكَ الْعُصَاةُ أَوْلَيْكَ الْعُصَاةُ ». رواه مسلم

Inulat ni Jabir bin Abdullah (r.a) na ang Mensahero ng Allah (s.a.w) ay lumabas sa panahon ng pananakop tungo sa Makkah sa Ramadan at saka siya ay nag-ayuno hanggang umabot sa Kural Ghamim at nag-aayuno rin ang mga tao, at pagkatapos humingi siya ng baso ng tubig at saka inangat ito hanggang nakita ng mga tao at saka ininom. Pagkatapos ng iyon ay may nagsabi sa kanya: Tunay may ibang tao na nag-ayuno kaya kanyang sinabi: "Sila mga yaong sumuway, sila mga yaong sumuway." Isinalaysay ni Muslim.

**Pang-apat:** Kung lumabas siya sa kanyang lugar bago ang Fajr at siya ay humangad ng pag-aayuno. Sa oras ng kanyang pag-aayuno ay gusto niyang kumain, dito merong salungatan sa pagitan ng mga Dalubhasa. Ang mas malapit na opinyon: Puwede siyang kumain at ito ang opinyon ng ibang mga Dalubhasa sapagkat siya ay manlalakbay. At ito rin ay pagpapagaan para sa manlalakbay kahit siya ay humangad ng pag-aayuno o kaya lumalakbay o hindi katulad ng may-sakit.

**Panglima:** Kung siya ay lumalakbay bago ang Fajr at hindi siya humangad ng pag-aayuno, dito ay puwede siyang kumain sapagkat hindi siya ay humangad ng pag-aayuno.

### **Pag-aayuno o Pagkain sa Paglalakbay**

**128.** Alin ba ang mas mainam, Ang pag-aayuno o kumain sa paglalakbay? Dito may salungatan ang mga Dalubhasa Kaawaan nawa sila ng Allah:

**Una:** Mas mainam na kumain, Ito ang opinyon ni Ibnu Musayyib at Mujahid at iba pang mga dalubhasa.

**Pangalawa:** Mas mainam ang pag-aayuno, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangatlo:** Ang mas madali para sa kanya, Ito ang opinyon ng ibang mga Dalubhasa.

**Pang-apat:** Pumili siya, Ito ang opinyon ng ibang mga Kasamahan ng Propeta Kalugdan nawa sila ng Allah.

**Ang malapit na Opinyon** ay ang una, dahil merong Hadith na nabanggit.

عَنْ حَمْزَةَ بْنِ عَمْرِو الْأَسْلَمِيِّ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّهُ قَالَ يَا رَسُولَ اللَّهِ أَجِدُ بِي قُوَّةَ عَلَى الصِّيَامِ فِي السَّفَرِ فَهَلْ عَلَى جُنَاحٍ فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « هِيَ رُخْصَةٌ مِنَ اللَّهِ فَمَنْ أَخَذَ بِهَا فَحَسَنٌ وَمَنْ أَحَبَّ أَنْ يَصُومَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِ ». رواه مسلم

Ayon kay Hamzah bin Amru Al-Aslami (r.a.) na kanyang sinabi: Oh Mensahero ng Allah, merong akong lakas sa pag-aayuno sa paglalakbay, Wala ba itong problema para sa akin?, sabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Ito ay pahintulot mula kay Allah kaya sinumang kumuha nito ay mainam at sinumang gustong mag-ayuno ay walang problema." Isinalaysay ni Muslim

### **Pag-aayuno sa Araw ng A'shura sa Paglalakbay**

**129.** Ang mas mainam sa manlalakbay ay mag-ayuno sa Araw ng A'shura at araw ng Arafa. Ito ang opinyon ng ibang mga Dalubhasa sapagkat ang ganitong mga araw ay walang kabayaran tulad sa isinalaysay ni Ibnu Abbad<sup>1</sup> at Zuhri<sup>2</sup>.

### **Paglalakbay ay puwede Kumain**

**130.** Ang lahat na paglalakbay ay puwedeng kumain ang manlalakbay kahit ang kanyang paglalakbay tungo sa kasalanan o pangangaso o pamamasyal at iba pa, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat siya ay manlalakbay kaya pinapahintulutan siyang kumain.

<sup>1</sup> Inilabas ni Ibnu Abu Shaima sa Musannaf 9338

<sup>2</sup> Inilabas ni Baihaqi sa Sha'bul Iman 3518



## Mga Nagmamaneho

**131.** Mga Nagmamaneho ng mga tren at trak at eroplano at barko at iba pa ay merong dalawang sitwasyon:

**Una:** Kung meron silang tinitirhan sa kanilang lugar at bahay, puwede silang kumain sa kanilang paglalakbay.

